
■Maligayang pagdating sa Lungsod ng Iga■

Ang gabay na aklat na ito ay ginawa para sa mga dayuhang nakatira sa Lungsod ng Iga upang makapamuhay nang may kapanatagan.
Nakalagay dito ang mga dapat malaman para sa pang-araw-araw na pamumuhay, at ang mga kinakailangang impormasyon upang maprotektahan ang buhay.
Mangyaring basahin ninyo ang gabay na aklat na ito.



■Anong klaseng lugar ang Lungsod ng Iga？■

Ang Lungsod ng Iga ay matatagpuan sa hilagang-kanlurang bahagi ng Prepektura ng Mie.
Katabi nito ang Prepektura ng Shiga, Kyoto, at Nara.
Mga 80 minuto ang biyahe sakay ng kotse papunta sa Osaka, Kyoto, o Nagoya.
May humigit-kumulang 83,000 katao ang nakatira sa Iga City, at mga 6,300 sa kanila ay mga dayuhan (bilang ng Disyembre 2025).
Sikat ang Iga bilang bayan ng Matsuo Bashō at ng Iga-ryū Ninja.

Opisyal na bulaklak, puno, at ibon ng Iga City



SASAYURI



AKAMATSU



KIJI